

Sino si Hesu-Cristo?

"NAIS KONG
MALAMAN..."



Pagtuklas sa Bagong Buhay kay Cristo

SINO SI JESU-CRISTO?, ay ang unang aralin sa serye ng BAGONG BUHAY KAY CRISTO. Ito ay unang naisulat sa Espanyol bilang ¿QUIÉN ES JESUCRISTO?. Ang layunin nito ay matulungan kang matuklasan ang tunay na pagkakilanlan ni Jesu-Cristo, at ang buhay na walang hanggan na Kanyang inaalok sa iyo. Kapag natapos mo na ang araling ito magpatuloy pang pag-aralan ang bahagi 1,2, at 3 ng seryeng nito.

Para sa karagdagang impormasyon mag e-mail sa amin sa: info@nuevavidaencristo.org

Pwede kang mag download ng libreng kopya ng aklat na ito sa website ng: www.NewLifeDiscipleship.com

*Unang Edisyon sa English 2008. Karapatang-sipi 2007
© Mark Robinson
Camino Global, 8625 La Prada Dr., Dallas, TX 75228 USA*

Pinahihintulutan ang sinuman na gumawa ng kopya ng materyal na ito, na may kondisyon na banggitin ang orihinal na pinanggalingan nito at huwag gumawa ng anumang pagbabago sa nilalaman at pagkagawa nito.

Nilalaman

Gabay Sa Guro	4
Step 1 Hesus, Ang May Akda ng Buhay	6
Step 2 Hesus, Ang Kordero ng Diyos	8
Step 3 Hesus, Ang Mabuting Pastol	10
Step 4 Si Cristo ay Buhay!	12
Step 5 Si Cristo ang Aking Tagapamagitan	14
Step 6 Si Cristo ang Hari!	16

GABAY SA GURO



1. Binabati ka namin sa pagtanggap sa hamon na gawing alagad ang mga bagong mananampalataya gamit ang Bagong Buhay kay Cristo bilang iyong gabay, Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magdudulot ng walang-hanggang bunga.

2. Hayaang ang Biblia ang mamahalang sumagot sa mga katanungan. Ang mga mag-aaral mismo ay kailangang tumingin sa mga talata sa Biblia at sagutin ang mga tanong ayon sa sinasabi ng Biblia lamang.

Maaring ang iba na hindi pa nakabasa ng Biblia ay mangailangan ng gabay kung paano makita ang mga aklat sa kanilang mga Biblia.

3. Kadalasan, ito ay pinag-aaralan minsan sa isang linggo, hinihimok ang mga alagad na gawin lahat ang mga takdang-aralin sa bawat pag-aaral.

4. Iwasang humaba ang oras ng inyong pag-aaral.

5. Himukin ang mga mag-aaral na sagutan ang mga tanong sa sarili nilang mga salita imbis na kopyahin lang ang bawat salita sa Biblia. Sa pagsagot nila sa sariling salita ay makakatulong sa kanilang pagka-unawa sa kahulugan ng mga talatang kanilang pinag-aaralan.

6. Iwasan ang mangaral. Gumamit ng mga tanong upang makita kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang aralin at upang magkaroon sila ng aktibong bahagi sa pag-aaral.

7. Maghanda ng maigi sa bawat pag-aaral. Bilang guro, maging pamilyar ka sa nilalaman at sa mga susing konsepto ng bawat aralin.

Sa iyong paghahanda, laging isama ang pananalangin para sa iyong mga mag-aaral at para sa iyong puso

8. Subuking ipaisip sa mga mag-aaral ang mga implikasyon sa kanilang buhay ng mga aralin. Tulungan silang maunawaan ang tiyak at praktikal na pagsasabuhay ng bawat natutunan sa aralin.



Kapag nakita ang "STOP" sign, huminto muna at pagbulay-bulayan ang mga tanong na matatagpuan doon.

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga takdang aralin na nakalagay sa gilid ng bawat aralin.

9. Tulungan ang mga mag-aaral na linangin ang ugali ng pananalangin. Turuan sila sa pamamagitan ng pananalangin kasama sila.

10. Napakahalagang maunawaan an ang paggawa ng alagad (Discipleship) ay higit pa sa pag-aaral ng mga araling ito, Ang paggawa ng alagad ay nagpapakita ng pagbabago sa buhay ng mga alagad. . It is important to understand that discipleship is

Ang manwal na ito ay unang hakbang lamang. Ang mag-aaral ay nangangailangan ng nagpapatuloy na gabay sa pagnanais nilang magkaroon ng pagbabago sa kanilang pagkatao, paraan ng pag-iisip, mga gawi at iba pa.

11. Napakahalaga na matutunan ng mga lagad/mag-aaral ang kahalagahan ng araw-araw na pagbabasa ng Biblia, panalangin at ang pagkakabisa ng mga talata sa Biblia. Himukin silang gawin itong ugali nila.

Huwag pagalitan ang mga mag-aaral kung hindi nila na kumpleto ang mga takdang-aralin, pero siguraduhing mahimok silang tapusin ang mga ito.

12. Maging sensitibo sa ginagawa ng Dios sa buhay ng iyong mga tinuturuan. Magkaroon ng pagkaaktaong sagutin ang mga katanungan nila o tulungan sila sa mga hinaharap nilang mga pagsubok o problema sa kanilang mga personal na buhay.

13. May mga pagkakataong kukulangin ka sa oras para sagutin ang bawat mga tanong kaya pumili ka ng mga piangkamahahalagang tanong na dapat pag-usapan.

14. Kapag natapos mo na ang manwal na ito, himukin ang iyong mga tinuturuan na magpatuloy sa pag-aaral ng serye ng BAGONG BUHAY KAY CRISTO na pwedeng ma download sa www.NewLifeDiscipleship.com



*“Sapagkat gayon na lamang ang pagi-big ng
Diyos sa sangkatauhan, kaya’t ibinigay
niya ang kanyang kaisa-isang Anak,
upang ang sinumang sumampalataya sa
kanya ay hindi mapahamak, kundi
magkaroon ng buhay na
walang hanggan.”*

Juan 3:16



Step 1

Hesus, Ang May Akda ng Buhay

TAMA (T) o MALI (M)

- ___ Karamihan sa mga tao ngayon ay naghahanap ng mas mainam na buhay.
- ___ Lahat ng Relihiyon ay papunta sa langit.
- ___ Kung magsisikap lang ako ng mabuti, makakamtan ko din ang buhay na walang hanggan.
- ___ Walang nakakasiguro kung sila ay pupunta ng langit o hindi.

¿Sino si Hesus? Kung tatanungin natin ang sampung tao patungkol kay Hesus, maaaring sampung iba't ibang sagot din ang ating matatanggap. May mga nagsasabi na Siya ay isang magaling na tagapagturo, ang iba naman ay tinatawag Siyang Anak ng Dios. Ang iba ay humahanga sa Kanya dahil sa Kanyang paghihirap na dinanas sa mga kamay ng mga romanong kawal. Noong kapanahunan ni Hesus, ang iba ay naniniwalang Siya ay sugo ng Dios habang ang iba naman ay tinitingnan Siyang huwad at mapanganib na tao na laging gulo lang ang idinudulot. Sa kadahilanang maraming iba't ibang opinyon patungkol kay Hesus, nararapat lang na pag-aralan natin ang sinasabi ng Biblia patungkol sa Kanya. Tingnan natin ang mga nasusulat sa Biblia..

HESUS: ANG MANLIKHA NG BUHAY

1. Ano ang sinasabi ng mga talatang ito patungkol kay Hesus? Si Juan ay tinawag Siyang "ang Verbo" o "ang Salita" sa-pagkat si Hesus ang paraan kung paano ang Dios ay nakipag ugnayan sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang pagka-tawang-tao.

Juan 1:1 _____

Juan 1:3 _____

uan 1:14 _____


2. Pag-isipan natin ito sandali. Si Hesus ay walang hanggang Dios na lumikha ng buong sanlinbutan, subalit sa kabila noon, paano Siya tinuring ng sarili Niyang mga kababayan? v. 11 _____

Paano Siya tinanggap ng mga tao ngayon? _____

Maraming nagsasabi na sila ay naniniwala kay Hesus. Tinatawag nila ang kanilang sarili na mga tagasunod Niya, subalit hindi naman nila sinusunod ang Kanyang mga katuruan. Ang iba ay tinatanggihan Siya, ang iba naman ay iba ang turing sa Kanya. Isinasantabi Siya sa pamamagitan ng pagsasabing "sa ibang araw na lang", "abala ako", "wala akong panahon sa Kanya. Alin dito ang unang tugon mo sa Kanya?

HESUS: ANG DAAN SA BUHAY

3. Sa Juan 14:6 Sinabi ni Hesus na Siya ang daan, ang katotohanan, at ang _____.



4. Maraming nagsasabi na ang lahat ng relihiyon ay magdadala sa iyo sa Dios. Ano sa palagay mo? _____

Ayon kay Hesus, ilang daan mayroon patungong langit? _____

Maaaring maraming nagsasabi na lahat ng relihiyon ay papuntang langit, subalit ang Juan 14:6 ay iba ang sinasabi, ang salitang ito ay hindi isang bagay na inimbento lang ng mga Cristiano, kundi si Hesus mismo ang nagsabi nito.

SUBALIT... MAY PROBLEMA

5. Isang araw nakausap ni Hesus ang isang lalaking ang pangalan ay Nicodemo, isang respetadong leader ng relihiyon: subalit sa kabila ng mga mabubuti niyang gawa, sinabi sa kanya ni Hesus sa Juan 3:3 na kinakailangan na siya ay _____.

6. Maipanganak na muli? Bakit? Paano? Ano ang ibig sabihin ni Hesus sa sinabi niya kay Nicodemo patungkol sa kapanaganakang muli? _____

"Naalala ko noong nakaraang taon nang Sabihin ng Doctor sa akin, 'May sakit ka at hindi ka na gagaling pa.'"

Naglakad ako noon pauwi na may 5 nilya ang layo mula Portland hanggang Oregon, tumingin ako sa bundok na gustong gusto ko sa kabilang daan. Tumingin din ako sa ilog na nagagalak... tumingin ako sa langit na napakalawak kung saan nagliliwanag ang mga bituin ng Dios at aking sinabi: hindi man kita makita na o bundok, subalit mabubuhay ako, kapag ikaw ay gumuho na, at ilog, ako ay buhay ng muli kapag huminto ka na sa pag-agos patungong dagat, at mga bituin, ako ay mabubuhay ng muli kapag ikaw ay bumagsak na...!"



PAANO MAKAKASIGURO SA BUHAY NA WALANG HANGGAN

- Aminin na ikaw ay makasalanan, walang kakayahang iligtas ang sarili sa kaparusahan ng kasalanan.
- Magsisi at talikdan ang kasalanan. Humingi ng kapatawaran sa Dios.
- Manampalataya kay Hesus na namatay para sa iyo at muling nabuhay sa mga patay.
- Manalangin. Hilingin si Cristo na pumasok sa iyong puso, patawarin ka at i control ang iyong buhay. Magtiwala ka sa Kanya lamang para iligtas ka.

Maaring manalangin ka tulad nito:

Panginoong Hesus, kinikilala ko na ako ay isang makasalanan na nangangailangan ng pagpapatawad. Naniniwala ako na ikaw ay namatay para sa aking mga kasalanan. Pinagsisisihan ko na ang mga nagawang kasalanan at nagpapasya akong talikuran na ito. Inaanyayahan Kita na manahan sa aking buhay mula sa araw na ito. Nagtiwala ako sa Iyo bilang aking Tagapagligtas at Panginoon ng aking buhay. Susunod ako sa kalooban Mo. Salamat sa pagliligtas Mo sa akin. Amen



7. Kailangan natin maipanganak ng muli sapagkat ayon sa Efeso 2:1 tayo ay _____ sa _____.

Isal arawan ang buhay ng isang tao nang walang Cristo. Efeso 2:3 _____

May mga patunay tayo ng pagkamatay sa espiritu sa pamamagitan ng mga pag-aaway, kaguluhan, at galit na naghahari sa ating mga pamilya, kapitbahay at mga kaibigan. Hindi natin makontrol ang masasamang naisin ng ating kalooban. Sa pagkakaroon ng kataasan at kayabangan sinasabi natin na "ako muna"; "mas mabuti pa ako kaysa sa kanya"; "tingnan mo yung taong iyon, hindi naman ako kasing sama niya"; etc.

8. Imbis na tayo ay maging patay, Nais ng Dios na gawin tayong mga _____ Efeso 2:5

HESUS: ANG NAGBIBIGAY BUHAY

9. Si Hesus ang nagsabing kailangan tayong ipanganak ng muli (Juan 3:3). Basahin ang Juan 3:16-18 at unawain kung paano maipanganak ng muli. Ano ang sinasabi sa Juan 3:16 patungkol sa damdamin ng Dios sa atin? _____

Mahal tayo ng Dios kaya ibinigay Niya ang Kanyang Anak na si Hesu-Cristo. Ano ang inaalok Niya sa pamamagitan ni Cristo? v. 16. _____

Sino ang mga pwedeng magkaroon ng buhay na walang hanggan? v. 16 _____

Mahalaga na tandaan natin na ang "buhay na walang hanggan" ay hindi tumutukoy sa pagpunta lang sa langit. Ito ay nagsisimula na sa pagkakataong ibinigay na natin ang ating pananampalataya kay Hesus. Sabi sa Juan 5:24 ang mananampalataya ay "lumipat na mula sa kamatayan patungo sa buhay."

10. May mga tao na nagsasabing ang Dios ay laging galit at nais Niya na parusahan tayo. Ano ang talagang ninanais ng Dios para sa mundo? Juan 3:17 _____

Kaya nga, ang isang tao ay hinatulan, dahil hindi siya _____

_____ Juan 3:18

11. Higit pa sa ayaw ng Dios na hatulan tayo, ang ninanais ng Dios sa atin ay maging anak Niya tayo. Paano tayo nagiging anak ng Dios? Juan 1:12 _____

Ano ang ibig sabihin ng "tanggapin Siya o "maniwala" sa pangalan Niya? _____

Maraming naniniwala sa kanilang isip subalit sa kanilang puso ay hindi. May pagkakaiba ba ito? _____

Sandaling pag-isipan ang mga bagay sa araling ito.

Kamusta ang buhay mo? Pagod ka na bang lagi ka na lang pumapalpak sa buhay mo? Sa ngayon, paano mo pinakikitunguhan si Cristo?

- May pagtanggap Kakaiba Siya May pagsunod
 Nirerespeto subalit walang relasyon. Madalang mo Siyang isipin

Tinanggap mo na ba ang buhay na walang hanggan inaalok ni Hesus?


- Oo Hindi Di ko sigurado

Kung ikaw ay mamamatay ngayon, at nasa pintuan ka ng langit, tinanong ng Dios bakit kita papapasukin sa langit? Ano ang isasagot mo? _____

← Basahin mo ang PAANO MAKAKASIGURO SA BUHAY NA WALANG HANGGAN.

Step 2

Hesus, ang Kordero ng Dios



TAMA (T) o MALI (M)

- _____ Ang batang tupa ay ginamit noong panahon ng lumang tipan bilang hain para sa kapatawaran ng kasalanan.
- _____ Sinabi ng Biblia na si Hesus ay parang tupa na kailangang patayin para sa kapatawaran ng kasalanan ng sanlibutan. .
- _____ Upang makapasok sa Langit, kailangang nakasulat ang iyong pangalan sa aklat ng buhay ng tupa.

May isang batang babae na ang pangalan ay Liz, siya ay malubhang nagkasakit ng hindi pangkaraniwang sakit. Ang tanging paraan lang para siya ay maligtas ay masalinan siya ng dugo mula sa kapatid niyang 5 taong gulang na dumanas din ng ganoong sakit subalit himalang naka survived at na develop ang antibodies sa kanya na kailangan niya upang malabanan ang kanyang sakit. Ipinaliwanag ng doctor sa kanya ang kalagayan ng kanyang kapatid at nang tanungin kung payag siyang mag donate ng kanyang dugo para sa kapatid niya, natigilan siya ilang sandali at nag-isip pagkatapos ay umoo siya na kanyang ililigtas ang kanyang kapatid mula sa sakit niya.

Habang sinasalin na ang dugo, laking tuwa niya na makita na ang kapatid niyang maysakit ay nagsimulang nagkaroon ng kulay ang kanyang katawan, subalit napansin niya din na siya ay namumutla kaya nagtanong siya sa doctor na nanginginig "mamamatay na ba ako?" Sa kanyang kamusmusan inakala niya na ibibigay niya ang lahat niyang dugo sa kanyang kapatid subalit nagpasailalim pa rin siya sa proseso ng pagsasalim. Sa araling ito, makikita natin ang isang matinding sakripisyo na nangyari na naging dahilan ng kaligtasan ng lahat.

ANG DAKILANG HANDOG NG SAKRIPISYO

1. Tinawag ni Juan si Hesus "ang _____ ng Dios. na nag-aalis ng _____ ng Sanlibutan" Juan 1:29

Upang maunawaan ang kahalagahan ng katagang "Kordero ng Dios" kailangang balikan natin ang lumang tipan kung saan ang mga Judio ay nag-alay ng kordero bilang handog para sa kanilang mga kasalanan. (Levitico 4:32). Noong sila ay mga alipin sa Egipto, ang Dios ay nagpadala ng 10 salot upang himukin si Faraon na payagan ang Israel na pakawalan na niya ang mga Judio upang sila ay sumamba sa Kanya. Ang huling salot ay ang kamatayan ng mga panganay na anak na lalaki ng mga mamayan ng Egipto. Upang mailigtas ang kanilang mga panganay na lalaki, ang mga Judio ay naghandog ng isang kordero at kanilang iwinisik ang dugo nito sa mga hamba ng pintuan sa kanilang mga tahanan. Exodo 12:1-13.



ANG DUGO NG KORDERO SA HAMBANG NG PINTUAN

2. Mula ng panahon ni Adan, ang sangkatauhan ay naging alipin na ng kasalanan. Ano ang halaga na ibinayad para mailigtas tayo? Ginto o pilak? HINDI! Ayon 1 Pedro 1:18-19 ang halaga ay mas mataas o dakila. Ang kapitulo 19 ay nagsabi na tayo ay iniligtas mula sa hungkag na pamumuhay natin sa pamamagitan ng dakilang _____ ni Cristo, ang _____ na walang kapintasan o depekto.

Ipinaliwanag ng 1 Pedro 2:24 na kinuha niya ang ating _____ sa katawan niya doon sa krus. Hindi natin kailangang magbayad pa ng kahit ano para lang matubos sa ating pagkakasala. Subalit dahil kay Cristo, inalay Niya ay hindi lamang mataas na halaga kundi ibinigay pa Niya ang lahat-lahat.

3. Ipinakilala ng Isaias 53:3-7 si Cristo bilang Kordero ng Dios. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin, subalit paano Siya itinuring nga mga tao? v. 3 _____ Sa buong kasaysayan ng mundo, wala pang naging pinakadakilang halimbawa ng pag-ibig at sakripisyo na higit pa sa ginawa ni Cristo. Subalit ganunpaman, ang Kanyang paghahandog ay binalawala at tinatanggi ng karamihan. May malaki bang pagkakaiba sa panahon natin ngayon? _____. Wala pa ring pagbabago sa ngayon, ang mundo ay patuloy na tumatangi sa Kanya. Ang iba ay nilalait pa Siya, iba pa rin ang tingin sa Kanya at marami pa din ang ayaw maniwala sa Kanya. Paano mo kinikilala si Hesus sa buhay mo ngayon? _____
4. Bakit nabugbog at nasugatan si Hesus? Isaias 53: 5 _____
5. Isinalarawan ng verse 6 na ang kasalanan ay maaaring tumungo sa _____

Ang tupa ay karaniwang naliligaw sa paghahanap ng makakainan, at kapag napabayaang mag-isa ay malalayo sa kanilang pastor, maliligaw at malalagay ang sarili sa panganib. Ang kasalanan ay hindi lang hayagang pag rerebelde sa

Dios, ito ay ang pagnanais gawin ang sarili nating kalooban kaysa sa kalooban ng Dios. Kapag tayo ay nagpumilit na mamuhay sa sarili nating paraan, maaaring akalain nating tayo ay nasa mabuting kalagayan, subalit sa bandang huli makikita natin ang ating sarili na ligaw. Ang ating sariling paraan ay dinadala tayo sa paggawa ng mga maling desisyon, nagpapakita ng di kaaya-ayang mga pag-uugali at pagkilos ng di nararapat.

6. Ilan sa atin ang naligaw palayo sa daan ng Dios upang sundin ang sarili nating paraan? Isaías 53:6 _____

7. Ano ang ginawa ng Dios para lang tayo maibalik sa tamang landas? v. 6-7 _____

Sa pagbuod: Ang sabihing si Cristo ang Kordero ng Dios ay ang ipakilala Siya na nagbigay ng sarili Niyang buhay kapalit ng ating buhay, kinuha Niya ang kasalanan at kaparusahan na dapat ay sa atin.

ANG KASALANAN AT AKO



Ano ang paraan ng aking pamumuhay sa mga nagdaang araw hanggang ngayon? Sa pangkalahatan ako ay lumakad/ namuhay: Sa sarili kong paraan. Sa paraan ng Dios na inihanda Niya para sa akin Hindi ko alam

Sa paanong paraan nakikita ang kasalanan na nahahayag sa akin? _____

Pagbulay-bulayan ang iyong kalagayan bilang isang makasalanan at sa gianwa ng Kordero na pag-aalay ng Kanyang buhay para lang mailigtas ka.

ANG KORDERO NG DIOS SA DARATING NA PANAHON

8. Sa Pahayag 12:10-11 ipinakita ang mangyayari sa darating na panahon sa Langit kung saan ang mga mananampalataya ay magtatagumpay na laban kay Satanas. Ano ang magbibigay posibilidad sa pagtatagumpay natin sa ating kaaway? v. 11 _____

Sino ang makakapasok sa langit?

"Ang mga tao lamang na ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay na iniingatan ng Kordero." Pahayag 21:27



Ang pangalan mo ba ay nakasulat na sa aklat ng langit?

"Ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay....?"



9. Sino lamang ang mga makakapasok sa Langit? Pahayag 21:27 _____

10. Ano ang kahahantungan ng mga taong ang kanilang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay? Pahayag 20:15 _____



Ikaw? Nakasulat na ba ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay ng Kordero? Oo Hindi Di ko alam
Mayroon pa bang pumipigil sa iyo para manampalataya? Kung mayroon man, ano ang bagay na iyon?

Paano maisusulat ang pangalan mo sa aklat ng buhay? _____

Maaari mong ipanalangin ang panalanging ito upang maisulat ang iyong pangalan sa aklat ng buhay:

Panginoon, inaaamin ko pong nabuhay ako sa sarili kong paraan imbis na sumunod sa Iyo. Madalas, binabalewala Kita, sa pag-aakalang maayos lang ang buhay ko. Patawarin mo po ako sa pamumuhay kong malayo sa Iyo.

Salamat na pinadala mo ang Panginoong Hesu-Cristo bilang Kordero na perpektong handog. Naniniwala ako na Siya ay namatay para sa aking mga kasalanan, at nabuhay na muli mula sa mga patay para magkaroon ako ng buhay na walang hanggan, Tinatanggap ko Siya bilang Kordero ng Dios na inihandog ang buhay Niya para sa akin. Nagtitiwala ako sa Kanya at Kanya lamang na makakapagpatawad ng mga kasalanan ko at makakapagsulat ng aking pangalan sa aklat ng buhay. Maraming salamat po sa pagpapatawad at pagbibigay sa akin ng buhay na walang hanggan.

*Nagmamahal,
Ang dating nawala ngunit natagpuan Mo na.*



Step 3

Hesus, Ang Mabuting Pastol



TAMA (T) O MALI (M)

- _____ May mga pagkakataong ako ay nanghihina dahil sa ilang mga tagasunod ni Cristo.
- _____ Walang sinumang nagmamahal at nagmamalasakit sa akin.
- _____ Iingatan at aalagaan ako ni Cristo magpakailanman

“Nang makita niya ang napakaraming tao, nahabag siya sa kanila sapagkat nanlulupaypay sila at nangalat katulad ng mga tupang walang pastol.” Mateo 9:36

MAY NAGMAMALASAKIT BA SA AKIN? Juan 10

Marami sa atin ay nakakaramdam ng kalungkutan, kawalan ng seguridad, iniwan o minaltrato, madalas naiilang sa iba, lalo na sa Dios. At dahil dito nasasabi nating wala tayong magawa sa ating mga buhay. Sa kalagayang ganito, tayo ay parang mga tupa na walang pastol na sinambit ni Hesus sa talata sa itaas.

1. May mga taong nagsasabi na mahal nila tayo, nangako pa sila na tayo ay aalagaan subalit hindi nila tinutupad ang kanilang mga pangako. Nasasaktan tayo sa mga nasirang pangako, sugatan ang ating mga damdamin dahil may mga inaasahan tayong dapat ay susuporta sa atin subalit tayo ay nabigo. Naramdaman mo na ba ang mga ganitong damdamin mula sa mga taong nakalista sa ibaba?

- Magulang Asawa Kapamilya Tao na hinahangaan mo
 Relihiyosong tao, Kaibigan, Kapitbahay Kamanggagawa / Kamag-aral

Paano ka nila binigo? _____

2. Nabubuhay tayo sa mundong mapanakit at mapanganib sa iba't ibang panig. Maraming naninirahan sa mga nakakandadong pinto, na may alarma para protektahan ang kanilang sarili sa mga magnanakaw. Sinabi na ni Hesus na maraming mga masasama ang papaligid sa atin. Tingnan ang mga sagot sa mga susunod na mga katanungan sa Juan 10.

Juan 10:10 ay nagsabing ang magnanakaw ay naparito upang _____
Kaiba sa magnanakaw, si Hesus ay naparito upang _____

3. May mga taong nagpapanggap na ating mga kaibigan, subalit nais lang makinabang sa atin. Sa Juan 10:1-13, kinumpara ni Hesus ang mabuting pastol sa bayaran na tagapag-alaga. Ang bayaran ay hindi tagapagmay-ari ng tupa _____
_____ at tumatakbong palayo pag may panganib na.

4. Subalit si Hesus ay ay nagsabing; Siya ang _____. Juan 10:11
Ano ang ginagawa Niya sa mga tupa? v. 11 _____
Paano Niya ibinigay ang Kanyang buhay para sa atin? _____

5. Ano sa palagay Niyo ang gawain ng pastol para sa Kanyang tupa? _____

6. Karagdagan pa. _____ ng mabuting pastol ang kanyang mga tupa. (Juan 10:14) Walang ibang nakakaunawa ng ating mga pangangailangan o kalagayan sa buhay nang higit sa Kanya.

ANG TINIG NG PASTOL

“Dinirinig ng aking mga tupa and aking tinig. Kilala ko sila at sumusunod sila sa akin.” Juan 10:27

May isang Amerikano na naglakbay sa Syria na nakakita ng 3 arabong pastol kasama ang kanya kanyang kawan ng tupa. Sama sama nilang pinainom ang kanilang mga tupa sa isang batis at sabay sabay itong mga uminom.

Pagkaraan ng ilang sandali, ang isang tupa ay sumigaw ng “Men-ah! menah!” salitang arabo para sa “sumunod kayo sa akin.” Lahat ng kanyang tupa ay umalis sa kawan ng mga tupang umiinom at sinundan ang tumawag sa kanila pababa sa burol. Pagkatapos sumigaw din ang isa pang pastol ng salitang “sumunod kayo sa akin” at ganun din ang ginawa ng kanyang mga tupa na hindi niya na binilang pa kung ilan ang sumusunod sa kanya.

Ang manlalakbay ay nagtanong sa pangatlong pastol kung pwede isuot niya ang balabal ng pastol at hawakan ang kanyang tungkod para makita nya kung susunod sa kanya ang mga tupa. Pumayag ang pastol kaya tinawag ng manlalakbay ang mga tupa sa pamamagitan ng pagsigaw ng sumunod kayo sa akin”. Subalit walang sinumang sumunod sa kanya sapagkat hindi nila kilala ang kanyang tinig.

Nagtanong ang manlalakbay. Kahit kailan ba hindi susunod sa ibang tinig ang mga tupa, sagot ng pastol, “hindi, kapag ang isang tupa ay nagkasakit doon siya susunod kahit kanino.”³



Sa lahat ng mga kaibigan mo, sino ang pinaka nagmamalasakit sa iyo? _____

Mayroon bang nagmamalasakit sa iyo ng higit pa sa pagmamalasakit ni Hesus? _____

Mayroon bang nagsakripisyo para sa iyo ng higit sa ginawa ni Hesus? _____

ANG PINTUAN AT ANG KULUNGAN

Bilang mabuting pastol, Sinabi ni Hesus na "Ako ang pinto." v. 9 Sa panahon ng Biblia ang kulungan ng mga tupa ay pader ng pinagpatong patong na bato na walang pinto. Ang pintuan ay ang isang bukas na bahagi ng pader kung saan pumapasok at lumalabas ang mga tupa. Sa gabi ang pastol ay matutulog sa bukas na iyon para protektahan ang mga tupa. Ang pastol mismo ang pinto sa pintuan.



7. Sinabi ni Hesus sa Juan 10:9 "Ako ang pinto. Ang sinumang _____ sa pamamagitan ko ay _____."

Sa pagsabi Niya na "Ako ang pinto" ito ay nangangahulugang na ang tanging paraan lamang para makapasok sa pamilya ng Dios ay sa pamamagitan Niya.

8. Nais mo bang may mag-alaga sa iyo na pastol? _____
Ang Biblia ay nagtuturo na mayroon lamang isang daan patungong kalangitan, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Hesus. Hindi ang iyong relihiyon o ang mga mabubuti mong gawa ang makakapagligtas sa iyo. Tanging si Cristo lang.

Ano sa mga sumusunod na mga salita ang nakakapagsabi tungkol sa iyo?

- Nananampalataya ako kay Hesus para lamang maligtas ako.
- Nananampalataya ako kay Hesus, sa mga mabubuting gawa at relihiyon para maligtas ako.
- Sigurado ako na ako ay kabilang sa mga kawan ni Hesus,
- Hindi ako sigurado kung kabilang ba ako o hindi sa kanyang kawan.



Kung hindi ka nakakasiguro, ang panalanging ito ay pwedeng makatulong sa iyo. Para makilala mong mabuti sa iyo.



Pagpasok sa Pinto

Panginoon, alam kong katulad ako ng isang ligaw na tupa. Pagod na akong mabuhay para sa sarili ko lang, malayo sa kalinga mo. Naniniwala ako na ikaw ay namatay para sa akin doon sa Crus. Ngayon, inaanyayahan Kitang maging mabuting Pastol ko. Nagpapailalim ako sa iyong pamamahala at kalinga, Tinatanggap ko po ang buhay na walang hanggan na alok mo sa lahat ng sasampataya sa Iyo. pamamagitan ng pananampalataya

9. Sinabi ni Hesus: "Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig. Kilala ko sila at sumusunod sila sa akin." Juan 10:27
Gaano tayo kadalas nakikinig sa tinig ng Panginoon na ating Pastol? Regular Minsan lang Hindi kailanman.
Paano natin mapapakinggan ang Kanyang tinig ngayon? _____

10. Sinusunod mo ba Siya? Regular Kaunti lang Hindi ko alam paano ako susunod sa Kaya.
May mga bagay ba na humahadlang sa iyo para sundin mo ang Panginoong Hesus? _____ Ano ito? _____




Tumatawag si Jesus,
Nakikinig ka ba sa kanyang tinig?

11. Ipinangako ni Hesus ang buhay na walang hanggan sa mga kabilang sa Kanya. v. 28
Kung ikaw ay nananampalataya sa iyong Tagapagligtas at mabuting pastol, ikaw ay kabilang na sa mga kawan Niya.

Gaano katiyak ang iyong kinabukasan? Juan 10:28 _____
Bakit? _____

Hayaan nyo si Hesus na kalingain kayo. "Ilagak ninyo sa kaniya ang lahat ninyong kabalisahan sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo." 1 Pedro 5:7



Step 4 Si Cristo ay Buhay!

TAMA (T) o MALI (M)

- _____ *Hindi mahalaga kung paano tayo nabuhay sapagkat ang lahat ay magwawakas kapag tayo ay namatay na.*
- _____ *Ang lahat ay bubuhayin pagkatapos ng kamatayan.*
- _____ *Posible na harapin ang kamatayan ng walang takot at kawalan ng pag-asa.*

SIYA AY BUHAY

- Pagkatapos nang si Hesus ay namatay sa krus, ano ang biglaang nangyari nang araw ng Linggo na nagpawi ng kalungkutan noong panahon na iyon? Mateo 28:1-4 _____

- Ano ang sinabi ng anghel sa mga babae? Mateo 28:5-6 _____
Maaring sila ay nasurpresa, subalit na ni Jesus ang patungkol sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli sa Mateo 16:21 bago pa Siya namatay.
- Hindi lang Siya nabuhay, bagkus ang sabi ng Gawa 1:9-10 Siya ay _____
Ano pa ang pangako ng v. 11? _____
- Ang pagkabuhay muli ni Hesus ay isang di-pangkaraniwang pangyayari sa kasaysayan ng mundo, ito ay hindi ordinaryo kaya maraming hirap paniwalaan ang pangyayaring ito. Ang Roma 1:4 ay tumukoy sa kahalagahan ng pagkabuhay muli ni Hesus at ito ay naging dahilan para ideklara si Hesus na _____ sa pamamagitan ng _____.

Bakit mahalaga na malaman natin na si Hesus ay nabuhay sa mga patay? Ito ba ay may epekto sa atin? Tingnan natin ang sinasabi sa biblia para masagot ang mga tanong na ito:

- Ano ang mangyayari kung hindi nabuhay si Hesus sa mga patay?
1 Corinto 15:12-13 _____
1 Corinto 15:17 _____



*"kung ang patay ay hindi ibabangon? Kumain tayo, uminom tayo, sapagkat sa kinabukasan tayo ay mamamatay."
1 Cor. 15:32*


ANO ANG NAGHIHINTAY SA ATIN KAPAG TAYO AY NAMATAY?

- Ang ibang mga tao ay hindi naniniwala na isang araw tayong lahat ay bubuhaying muli. Umaayon sila sa sinasabi ng 1 Corinto 15:32 na "kung ang mga patay ay hindi mabubuhay muli; " _____ tayo, _____ tayo, sapagkat sa kinabukasan tayo ay _____".

Maraming gustong maniwala na lahat ng bagay ay magtatapos kapag tayo ay namatay na. Ayaw nila ng kaisipang magsusulit tayo sa Dios kung paano tayo namuhay dito sa mundo, Mas nais nilang mabuhay sa paraan na gusto nila nang walang iniisip na kaparusahan pagkatapos nito.

Dapat ba tayong mag-alala kung ano mangyayari sa atin pagkatapos na tayo ay mamamatay? Juan 5:28-29 _____
Bakit? _____

- Nang mabalitaan ni Hesus na ang Kanyang kaibigang si Lazaro ay namatay, ano ang sinabi Niya sa kapatid nitong si Marta? Juan 11:25-26 *"Ako ang _____ na mag-uli at ang buhay. Siya na _____ sa akin bagamat siya ay mamamatay, siya ay _____."*



ANG MGA HULING SALITA NG MGA NALIGTAS

May mga taong takot sa kamatayan, habang ang iba naman ay iniintay ito ng may kapanatagan, Narito ang ilang mga salita ng mga mananampalataya sa kanilang pagharap sa kamatayan.

"Ang walang hanggan ay umiikot sa akin na parang dagat ng kalwalhatian" ⁴

"Aalis ako ng puspos ng kagalakan katulad ng isang bata na papauwi galing sa eskwelahan."
"Ako ay lumalakas sa pamamagitan ni Cristo" ⁵

Ang araw ay palubog na subalit ang aking liwanag ay pasikat na. Paalis ako sa aking higaan tungo sa karangalan. Paalam." ⁶

"Huwag kayong umiyak nang dahil sa akin, kundi para sa inyo. Sapagkat ako ay paparoon na sa Ama ng ating Panginoon Hesus-Cristo." ⁷

PAG-ISIPAN ANG MGA BAGAY NA ITO

Ipinaliwanag ng Efeso 1:20-21 na ang kapangyarihan ng Dios ang nagbuhay muli kay Cristo mula sa mga patay. Ngayon Siya ay

nakaupo sa _____
 _____v. 20

Sa Kanyang pag upo sa kanang bahagi ng Ama, Si Cristo ay nangingibabaw sa sa lahat sa Kanyang kapamahalaan at karangalan.

Isipin mo ang kahalagahan na malaman mo ang kapamahalaan at kapangyarihan ni Cristo.

Tinanong Niya si Marta: "Naniniwala ka ba sa sinabi ko?" Pagkatapos nito, Binuhay Niyang muli si Lazaro mula sa mga patay. At dahil dito, marami ang naniwala sa Kanya. Subalit hindi lahat. Ang iba ay tiningnan na ang pangyayaring ito ay mapanganib sa kanilang paniniwala at pamumuhay. Juan 11:45-48.

8. Basahin ang Gawa 17:30-32. Nagsalita si Pablo sa mga taga Atenas nang may pamamanhik na _____ sapagkat ang Dios ay nagtakda ng araw na _____ Niya ang sanlibutan. v. 30-31

Pinatunayan niya ito sa lahat ng mga tao nang si Cristo mismo ay kanyang buhayin mula sa mga patay. (v. 31).

v. 32 Nang marinig nila ang patungkol sa pagkabuhay na mag-uli, ang ilan ay _____, ngunit ang iba ay nagsabing _____.



Laging mayroong manlilibak at ang iba naman ay magnanais pang makaalam. Kaya nga, kailangan tanungin natin ang ating mga sarili:

Naniniwala ba ako na si Hesus ay muling nabuhay?

Oo Hindi Hindi ko alam

Naniniwala ba akong si Hesus ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan?

Oo Hindi Hindi ko alam

Naniniwala ba akong muli akong mabubuhay kapag ako ay namatay para sa buhay na walang hanggan o sa walang hanggan kamatayan.

Oo Hindi Hindi ko alam

Hindi lang sapat na malaman nating may pagkabuhay na mag-uli; kailangan tayong manampalataya sa Kanya. Katulad ng sinabi sa Juan 11:25-26, sila na nanampalataya kay Hesus ay hindi na mamamatay muli.

9. Ang 1 Corinto 15:55 ay nagsabi "kamatayan, nasaan na ang iyong tagumpay? Sinabi ng Dios may tagumpay laban sa kamatayan. Maraming ayaw maniwala dito. Sino ang papaniwalaan mo? _____
10. May malaking bagay na nakaabang sa mga mananampalataya kay Cristo. Ano ito? 2 Corinto 4:14 _____
 Isang araw tayo ay makakasama ng Dios magpakailanman, kasama ang lahat ng nanampalataya kay Hesus habang sila ay nabubuhay pa. Kaya nga sabi sa v. 18 huwag nating ituon ang ating buhay sa mga bagay na _____
 kundi sa mga bagay na _____. Bakit? _____

Sa pamamagitan ng pagkabuhay nuli ni Hesus, nalalaman natin na may hingit na nakaabang sa atin kaysa sa kamatayan. Siya ang naunang umakyat sa Langit, subalit hindi huli. Ang ating kamatayan ay isang hakbang sa mas mainam na kalagayan na hindi natin sukat akalain.

PAG-ISIPAN:

Paano tayo makakasiguro na magkaroon ng buhay na walang hanggan at hindi zwalang hanggang kaparusahan? _____

Kailangan ba nating pagmalasakitan ang iba na hindi naniniwala kay Cristo at sa Kanyang mga pangako? _____

Bakit? _____



Step 5

Si Cristo, Aking Tagapamagitan

TAMA (T) o MALI (M)

- _____ Kailangan natin ng magtatanggol sa atin kapag tayo ay humarap sa Dios sa huling paghahatol.
- _____ Ang ating tagapagtanggol na si Hesu-Cristo ay nagtatanggol lamang sa mga nagkasalang kliyente.
- _____ Maraming tagapamagitan sa Dios at sa tao.

Isang nakakatuwang...

May isang ina na binihisan ang kanyang anak na batang babae nang pinakamainam na damit niya para sa pagdating ng isang napaka espesyal na bisita. Dahil sa abala siya sa paghahanda, iniwan niya ang kanyang anak matapos pag-bilinang na huwag hayaang mabasa ang kanyang damit sa paglalaro sa labahan na madalas niyang ginagawa.

Subalit ang tubig ay isang malaking tukso sa kanya na nakakalimutan niya ang habilin ng kanyang ina kaya siya ay nagsimulang maglaro sa lababo. Habang naglalaro, narinig niyang may kumatok sa pinto at sa kanyang pagtakbo para buksan ang pintuan, napansin niyang ang dulo ng kanyang damit ay basang basa

“O hindi! Papaluin ako ng nanay ko sa paglalaro ko sa tubig! Ano ang gagawin ko?” Ang murang isipan niya ay nakabuo ng isang plano. Kumuha siya ng gunting at ginupit ang bahagi ng kanyang damit na basang basa sa tubig. Nagustuhan niya ang kanyang ginawa at sinabi niya na “hindi malalaman ng kanyang nanay na nabasa ang kanyang damit.”

Malakas ang loob niyang nasolusyonan niya ang kalokohang nagawa niya, nagmartsa siya papunta sa sala para batiin ang kanilang mga bisita.⁸

Naaalala mo ba ang mga kalokohang bagay na ginawa mo noong ikaw ay bata pa?

Maniwala ka o sa hindi, ang kwento ng batang babae sa kaliwa ay totoo. Hindi ba't napakagaling kung malulutas natin ang ating mga problema ng madali katulad ng inisip niya na malulutas niya ang problema niya sa pamamagitan lamang ng gunting?

Saglit na pag-isipan ang mga katanungan:

May mga sikreto ka ba na ayaw mong malaman ng iba? Oo Wala

Ikaw ba ay nakokonsyensya o nahihiya kapag alam mong may mali o nakakahi-yang bagay kang nagawa? Oo Hindi

Inisip mo ba na may mga taong hindi pa rin makalimutan ang mga nagawa mo sa nakaraan? Oo Hind

Nararamdaman mo bang naiinis ka sa mga nagawa mong mali lalo na pag alam mong hindi mo na ito maitama? Oo Hind

May lunas ba sa konsyensyang nagkasala? Oo Hind

Ang pakiramdam ng pagkakasala at kahihyan ay laging nag iiwan sa atin ng kaisipang wala ka nang magagawa pa. Madalas tinatanong natin ang ating mga sarili: “Ano ang iisipin ng ibang mga tao?” “Mapapatawad pa ba ng Dios ang taong katulad ko?”

Munti kong mga anak, sinusulat ko ang mga bagay na ito sa inyo upang hindi kayo magkasala. Ngunit kapag nagkasala ang sinuman, mayroon tayong isang Tagapagtanggol sa Ama, si Jesucristo, ang matuwid. 1 Juan 2:1

1. Bakit kailangan natin ng mga tagapagtanggol? _____
Naisip mo na ba na kakailanganin mo ng tagapagtanggol sa harapan ng Dios? _____

2. Ang ilan ay hindi naiisip ang seryosong problema sa kasalanan sapagkat iniisip nila na “papatawarin ako ng Dios; at malamang may nagkasala naman ng mas malala pa kaysa sa nagawa ko. Ano ang sinasabi ng biblia sa mga taong nag-iisip na sila ay pupunta ng langit sapagkat mas mainam pa sila kaysa sa iba? Isaias 64:6 _____

May napakasama bang tao na hindi kayang maabot ng kahabagan ng Dios? Roma 5:8 _____


Alam mo bang may Tagapamagitan ka? Basahin ang 1 Juan 2:1-2 at sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

3. Kanino sinasabi ang mga salitang ito? v. 1 _____

Ang anak ng Dios ay ang sinumang nagpasyang magsisi sa kanilang mga kasalanan at anyayahan si Hesu-Cristo na mag-ing personal na Tagapagligtas nila. Ang Dios ay makatotohanan, Totoong nais Niya na tayo ay huwag nang magkasala, subalit alam Niyang may mga panahon na tayo ay babagsak.

4. Ano ang remedyo na meron tayo sa panahon na tayo ay bumabagsak? v. 1 _____
Anong kagalakan ang mararanasan natin na malamang may Tagapagtanggol tayo na namamagitan sa ating kalagayan!

"ang lahat ay nagkasala at hindi naka-abot sa kalwalhatian ng Dios." Roma 3:23



KASUNDUAN SA AKING TAGAPAGTAGGOL

Panginoong Hesus,

Kailangan ko ang tulong mo na ipagtanggol ako dahil ako ay nagkasala at sadyang mabigat ang hatol sa akin. Wala akong pwedeng gamiting depensa sa sarili ko sapagkat lubhang nagkasala ako. Wala akong maidahilan dahil sa aking nagawa na magbibigay katwiran sa aking pamumuhay. Pinagsisihan ko na ang lahat ng kasamaang nagawa ko.

Naniniwala ako na dumanak ang iyong dugong bilang kabayaran ng aking mga kasalanan sa harapan ng iyong Ama. Naniniwala ako na kinuha Mo ang lugar na dapat ay sa akin at binayaran mo ng buo ang sintensya Sa pamamagitan ng iyong kamatayan

Sa pamamagitan ng pakikipagkasundong ito, Ako ay nakikipag-isa sa iyo bilang aking Tagapagtanggol. Inaanyayahan kitang ipagtanggol ako sa lahat ng kasong hinain laban sa akin. Tinatanggap kita bilang tanging tagapamagitan ko tinatalikuran ko ang iba pa maliban sa iyo na aking pinagkatiwalaan ng pananampalataya ko sa mga nakaraan.

Hindi Kita mababayaran sa serbisyo mo, sapagkat ako ay walang kakayanan. Ang tanging maggagawa ko lang ay ibigay ang pinakamainam na maibibigay ko kasama ang aking pagtitiwala at pananampalataya sa Iyo. Kasama nito ang aking buhay na ibinibigay ko upang magamit sa paglilingkod sa Iyo. Kailangan ko ang iyong serbisyo sa patuloy na pamumuhay ko dito sa mundo. Sapagkat ako ay makikipagbuno sa kasalanan hanggang sa ako ay mamatay.

Taos mula sa aking puso,

Sign _____

Date _____

5. Ang ibang mga tao ay hindi nagtitiwala sa mga tagapagtanggol. Si Hesus ba ay kaiba sa kanila? Ayon sa v.1 Siya ay _____. Isipin mo kung ano ang kahulugan nito sa iyong buhay.
6. Ano ang ginagawa ng ating Tagapagtanggol? Gaano katatag ang ating mga kaso? _____

Mangangaral 7:20 "Tunay na walang matuwid sa lupa, na gumagawa ng mabuti, at hindi nagkakasala." Ang ating kaso ay napakahina at walang pag-asang manalo, sa harapan ng Dios tayo ay nagkasala at walang kapatawaran sa ating mga kasalanan.

7. At dahil tayo ay nagkasala, may chance ba na matakasan natin ang kaparusahan? Paanong maipagtanggol ni Hesus ang mga kliyenteng katulad natin na nagkasala? Ayon sa 1 Juan 2:2 Siya ang _____ para sa ating mga kasalanan.

Ibig sabihin nito Siya ang handog na pampalubag-loob sa poot ng Dios. at ginawang posible na magkaroon ng kapatawaran ang ating mga kasalanan. Dahil ang Kanyang dugo ang nagbigay kaluguran sa makatarungang parusa ng Dios sa atin, hindi na tayo hahatulan pa ng ating Amang nasa Langit. Wala na Siyang hahanaping pambayad sa atin katulad ng mabubuting gawa, bayad sala, atbp.

Ilang katotohanan patungkol sa ating Tagapagtanggol:

- ✓ Siya ay matuwid. Hindi Siya nananalo sa pamamagitan ng mga legal na pandaraya o pagpapaikot ng pangyayari upang mabaluktot ang katotohanan. Hindi Siya nasusuhulan, ni nagsisinungaling man
- ✓ Ang pinagtanggol Niya ay mga nagkasala. Walang pag-asa ng pagtatagumpay sa kaso kung wala Siya.
- ✓ Dinedepensahan tayo ni Hesus sa harapan ng Dios Ama nang hindi tayo tinatawag humarap para magpatotoo. Dahil ano ang pwede nating sabihin sa depensa kung tayo ay walang maipagkaila?
- ✓ Ang diablo ay inaakusahan tayo palagi sa harapan ng Dios Ama. (Pahayag 12:10-12). Nilalabanan ni Hesus ang mga akusasyong iyon sa pamamagitan ng Kanyang dugo na ibinayad Niya para tubusin tayo sa parusa ng ating mga pagkakasala.
- ✓ Hindi Niya tayo dinedeklarang inosente kundi inaamin Niyang tayo ay nagkasala. Subalit pinaglalaban Niyang bayad na ang ating pagkakasala sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan.

8. Sinabi ng 1 Timoteo 2:5-6 na may nag-iisang Dios at isang _____ sa pagitan ng Dios at tao, Siya ang taong si _____ Ibinigay niya ang kaniyang sarili bilang pantubos para sa lahat ng tao. Ano ang tagapamagitan? Ito ay isang tao na namamagitan sa pagitan ng 2 tao, upang pagkasunduin silang dalawa kapag may mga problema
9. Ilang tagapamagitan mayroon ayon sa 1 Timoteo 2:5? _____ Maraming mga taong hindi naniniwala na si Hesus ang tanging tagapamagitan sa pagitan ng Dios at tao, kaya sila ay naghahanap pa ng ibang tagapamagitan. Sino o ano ang hinahanap ng ibang mga tao para mamagitan sa kanila sa harapan ng Dios? _____



Ang katotohanan, ay wala tayo sa kundisyon para maipagtanggol ang ating sarili sa harapan ng Banal na Dios. Tanging si Hesus lamang!

Nakipagkasundo ka na ba kay Hesu-Cristo upang maging Tagapagtanggol mo o umaasa ka pa sa iyong sarili o sa ibang tao?

← Kung hindi pa, basahin mo at lagdaan ang **"Kasunduan sa aking Tagapagtanggol"** kung ikaw ay ayon sa sinasabi nito.



Jesus, Aking Tagapagtanggol

Pagkatapos kong mabuhay ng may “disenteng pamuhay”, ang panahon ko sa mundo ay natapos na. Ang una kong naalala ay nakaupo ako sa isang bangko sa lugar ng hintayan na akala ko ay isang korte. Bumukas ang mga pinto, at ako ay sinabihang umupo sa lugar ng pagtatanggol.

Habang tumitingin ako sa paligid, nakita ko ang “tagausig” Siya ay mukhang kontrabida galit na tinitingnan ako. Siya ang pinakamasamang tao na nakita ko sa buong buhay ko.

Umupo ako at pagtingin ko sa kaliwa ko, doon nakaupo ang aking Tagapagtanggol, mabait at maamo siyang tingnan na ang itsura n’ya ay parang pamilyar sa akin. Bumukas ang pintuan sa gilid at pumasok ang hukom na nakasuot ng napakagandang kasuotan. Ang kanyang pagdating ay nagbigay katahimikan sa buong silid. Hindi ko maialis ang tingin ko sa kanya. Sa kanyang pag upo, sinabi n’yang “magsimula na tayo”.

Tumayo ang tagausig at sinabing, “ang pangalan ko ay Satanang at ako ay narito upang patunayan sa inyo kung bakit ang taong ito ay nararapat lang mapunta sa impierno.” Nagpatuloy siya ng pagsasabi ng lahat ng kasinungalingang sinabi ko, mga bagay na ninakaw ko, at ang mga nakaraan ko kung saan dinaya ko ang iba. Sinabi ni Satanang ang iba pang mga kahindik-hindik na pangyayaring sa buhay ko dahil sa katigasan ng ulo ko at sa patuloy na pagsasalita n’ya lumulubog na ko sa kinauupuan ko sa kahihyan. Hiyang-hiya ako na hindi ko na kayang tumingin pa kahit kanino, kahit pa sa aking sariling Tagapagtanggol, habang siansabi ng tagausig ang lahat ng aking mga kasalanan na kahit ako ay nakalimutan ko na ng matagal na panahon.

Sa pagkainis ko kay Satanang dahil sa mga pinagsasabi n’ya tungkol sa akin, ganun din ang pagkainis na naramdaman ko sa aking Tagapagtanggol na tahimik lang na nakaupo sa kanyang upuan nang wala man lang giangawa para depensahan ako. Alam kong ginawa kong lahat ang mga kasalananang iyon, pero may mga kabutihan din naman akong ginawa sa buhay ko – hindi ba pwedeng ipangtapat iyon sa mga maling ginawa ko? Natapos na si Satanang at galit na galit n’yang sinabi na, “ang taong ito ay nararapat lang na mapunta sa impierno, siya ay nagkasala sa lahat ng inakusa ko sa kanya at walang sinuman ang makakatanggi ng lahat ng sinabi ko patungkol sa mga ginawa n’ya”.

Nang pagkakataon ko na para magsalita, Nagtanong ang aking tagapagtanggol kung pwede siyang lumapit sa Hukom. Pinahintulutan siya ng Hukom sa kabila ng matinding paglaban ni Satanang, at sinenyasan siyang lumapit ng Hukom. Sa kanyang pagtayo at paglakad papunta sa harapan, nakita ko ang kanyang katanyagan at karangalan.

Napansin ko na siya ay pamilyar sa akin. Si Jesus pala ang aking Tagapagtanggol, ang aking Panginoon at Tagapagligtas. Huminto siya sa harapan ng Hukom at mahinahong sinabi “Hi, Ama”, at pagkatapos, humarap sa kapulungang nasa korte. “Tama si Satanang sa lahat ng sinabi n’ya na ang taong ito ay nagkasala, hindi ko itatatwa ang lahat ng paratang n’ya sa taong ito. Oo, ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, at ang taong ito ay karapat-dapat lang na parusahan”.


Huminga ng malalim si Jesus at humarap muli sa kanyang Ama, idinipa ang kanyang mga kamay at sinabi, “ganunpaman, namatay ako sa krus upang ang taong ito ay magkaroon ng buhay na walang hanggan at tinanggap niya ako bilang Tagapagligtas, kaya siya ay sa akin”. Nagpatuloy pa ang aking Panginoon, “ang kanyang pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay at walang sinuman ang makakaagaw sa kanya mula sa akin. Hindi pa rin ito maunawaan ni Satanang, Ang lalaking ito ay hindi dapat hatulan, kundi dapat ay kahabagan.” Sa pag-upo ni Jesus, huminto siya, tumingin sa Ama at sinabi, “wala ng kailangang gawin pa. Sapagkat, ginawa ko ng lahat”.

Itinaas ng Hukom ang kanyang makapangyarihang kamay ay ipinukpok ang malyete. Ang mga sumusunod na salita ay lumabas sa kanyang mga labi...

“Ang taong ito ay malaya na. Ang kabayaran ng kanyang kasalanan ay nabayaran na ng buo. Sarado na ang kaso!”

Habang dinala ako ng aking Panginoon papalayo, dinig na dinig ko si Satanang na sumisigaw ng malakas, galit na galit na sinasabing, “hindi ako susuko, magtatagumpay din ako sa susunod.” Tinanong ko si Jesus nang sabihan n’ya ako kung ano ang susunod kong gagawin, “may naitalo ka na bang kaso?” Ngumiti si Jesus ng napakaganda at sinabing, “lahat nang lumapit sa akin at humiling na ipagtanggol ko sila ay nakatanggap ng hatol na katulad ng tinanggap mo, Bayad na ng Buo”.⁹

**BAYAD NA NG BUO
SARADO NA ANG KASO**





ANG AKING HARING DARATING

"Narito, dumarating
siyang kasama ng
mga alapaap..."



Mula sa mga talta sa kanan,
Matututunan natin ang patungkol
Sa muling pagdating ni Cristo:

- ✓ Ang lahat ay makikita Siyang dumarating. Ngayon Siya ay hindi nakikita, subalit sa araw na iyon makikita Siya ng lahat.
- ✓ Siya ay kikilalanin ng buong mundo at sa kalangitan bilang Hari ng mga hari.
- ✓ Bago Niya itatag ang Kanyang kaharian, Hahatulan muna ni Cristo ang mga bansang hindi sumampalataya sa Kanya ng may poot. Mananangis sila kapag napagtanto nilang sila ay kumampi sa maling panig. Subalit huli na ang lahat sa kanilang pagsisi.
- ✓ Ang Kanyang kaharian ay walang katapusan. Ito ay may katatagan, hindi katulad ng walang kaseguruhang nararanasan natin sa kaharian dito sa kasalukuyang mundo.

Think About It

1. Ano ang nararamdaman mo sa pagkabasa mo sa mga talatang ito?
 - Natatakot ako sapagkat hindi ko alam ang magiging kalagayan ko sa Araw ng Paghuhukom.
 - Sigurado na ang buhay ko kay Cristo kaya panatag ako.
 - Ang mga talatang ito ay nagpapalakas sa akin para magpatuloy sa pagsunod kay Cristo kahit pinagtawanan ako ng iba.
2. Nakahanda na ba ang passport mo sa Langit

3. Ikaw ba ay kasama sa mga magdiriwang o sa mga tatangis sa pag si Cristo ang dakilang Hari ay magbalik na?

Kaya nga, siya naman ay lubhang itinaas ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Ito ay upang sa pangalan ni Jesus ay luluhod ang bawat tuhod ng mga nasa langit, ng mga nasa lupa at ng mga nasa ilalim ng lupa. Ito ay upang ipahayag ng bawat dila na si Jesucristo ang Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama. Filipos 2:9-11

Narito, dumarating siyang kasama ng mga alapaap at makikita siya ng bawat mata at ng mga tumusok sa kaniya. Dahil sa kaniya, ang lahat ng lipi ng tao sa lupa ay tatangis. Oo! Siya nawa. Pahayag 1:7

"Hinipan ng pangpitong anghel ang kaniyang trumpeta. May malakas na mga tinig sa langit na nagsasabi: Ang mga paghahari ng sanlibutan ay naging mga paghahari ng ating Panginoon at ng kaniyang Cristo. At maghahari siya sa mga magpakailan pa man." Pahayag 11:15

*At isang matalim na tabak ang lumabas mula sa kaniyang bibig. Sinugatan niya ang mga bansa sa pamamagitan nito. Siya ay magpapastol sa kanila sa pamamagitan ng tungkod na bakal. Niyuyurakan niya ang pisaang ubas ng kabagsikan ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. At sa kaniyang kasuotan at sa kaniyang hita ay naroon ang kaniyang pangalan na isinulat ng Diyos: **HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.** Pahayag 19:15-16*



Step 6 Si Cristo ang Hari

TAMA (T) o MALI (M)

- _____ Darating ang araw na si Cristo ay maghahari, dala-dala ang kapayapaang hinahangad ng buong mundo.
- _____ Para sa marami ang pagbalik ni Cristo ay isang panahon ng pag iyak at pagtangis.
- _____ Ang mundo ay ligaw at walang pag asa para sa isang mas mainam na kalagayan dahil sa mga kaguluhang mayroon tayo sa kasalukuyan.

...at ang pamamahala ay maaatang sa kanyang balikat; at ang kanyang pangalan ay tawaging "Kamanghamanghang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan." Ang paglago ng kanyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magwawakas, sa trono ni David, at sa kanyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan ng katarungan at ng katuwiran mula sa panahong ito hanggang sa magpakailanman. . Isaias 9:6-7

ANG HARING DARATING

Hinula ni Isaias na ang sanggol na si Hesus na ipinanganak sa isang simpleng tahanan at lumaki bilang karpintero, ay hindi lang sasambahin ng mga pastol at mga pantas, kundi isang araw Siya ay maghahari sa Kaharian ng Dios at itatanggal bilang Prinsipe ng Kapayapaan (Isaias 9:6-7). Ating pag-aralan si Hesus bilang Haring Darating!

1. Ano ang sinabi ng anghel kay Maria sa Lukas 1:31-33 patungkol sa hinaharap ng kanyang magiging anak? _____

Ang Trono ni David ay may kinalaman sa propesiya sa lumang tipan patungkol kay

Hesu-Cristo, na galing sa lahi ni haring David, na maghahari sa Israel magpakailanman. Ayon sa kasaysayan, si Hesus ay ini-hayag ang Kanyang sarili bilang ang "Haring ipinangako". Subalit, imbis na Siya ay kilalanin ng mga Judio, Siya ay kanilang tinanggihan at ipinako sa krus. Ngunit, hindi ibig sabihin nito na ang propesiya ay hindi na matutupad, kinakailangan lang nating maghintay pa upang makita natin ang Kanyang paghahari.

2. Ano ang sinasabi ng Filipos 2:7-8 patungkol kay Hesus? _____

Nagpakumbaba si Hesus bilang alipin, nagkatawang tao at namatay sa krus; ngunit doon ba natapos ang kwento Niya o may mga bagay na mangyayari pa? Magpatuloy tayo sa pagbasa.

3. Kahit na Siya ay tinakwil sa nakaraan, ano ang mangyayari sa Kanya sa hinaharap? Filipos 2:9-11 _____


4. Masasabi ba natin na lahat ng tuhod sa mundo ay lumuluhod na kay Hesus ngayon? _____

Sa katunayan, ano ang pananaw ng mundo ngayon patungkol kay Hesus? _____

Nabubuhay tayo ngayon sa kapanahunan na ang mundo ay nakikipagbaka kay Hesu-Cristo at sa Kanyang mga kautusan. Marami ngayon ang lantarang tinatangi Siya, yung iba ay nagsasabing sila ay mga Cristiano, subalit ang kanilang pamumuhay ay malayo sa katotohanan ng isang tunay na Cristiano.

ANG KAHARIAN NG DIOS

5. Maaring madalas magsalita si Hesus patungkol sa kaharian ng Dios, subalit hindi tayo nakakita pa ng pisikal na kaharian niya. Bagkus, si Cristo ay naghahari sa puso ng Kanyang mga tagasunod. Paano natin masasabi ngayon kung ang isang tao ay nagsuko ng kanyang sarili sa pamamahala ng Dios sa kanyang buhay? Mateo 7:21



Hindi natin maipagmamalaki na si Cristo ang ating hari kung ayaw natin sa mga inuutos Niya. Ang Hari ay dapat sinusunod!

6. Ikinumpara ng Mateo 13:31-32 ang kaharian ng langit sa _____ ng _____. Ang buto ng mustasa ang pinakamaliit na buto, subalit ito ay lumalaki na isang pinakamalaking halaman. Ang sinumang umanib sa kaharian ni Cristo, siya ay bahagi ng isang bagay na malaki. Siya ay nasa panig ng mga nagtatagumpay kapag ang lahat ng nahayag ay nangyari na. Marami ngayon ang hindi lubusan ang pagsunod kay Cristo. Mas nanaisin pa nila ang tanggapin sila ng kanilang mga kaibigan at ang saya ng mga tinatangkilik nila, subalit ang panahon ay nagpapakita na ang mga bagay na mahalaga sa ating buhay ay hindi ang mga bagay na nakikita kundi ang mga bagay na pangwalang-hanggan na hindi nakikita.

SUMUSUNOD SA AKING HARI



Upang magkaroon ng ideya sa mga mahahalagang bagay sa Kaharian ng Dios, basahin ang Mateo 5-7..

7. Ang Mateo 13:45-46 ay ikinumpara din ang kaharian ng langit sa isang mangangalakal na humahanap ng _____. Nang makita niya ang isang bagay na may dakilang halaga, umuwi siya at ibinenta ang _____ at _____.

Ano ang tinuturo ng talinghagang ito patungkol sa kaharian ni Cristo? _____

8. Ano ang kailangan upang makapasok sa kaharian ng Dios? Juan 3:33 _____ Ipinanganak na muli ang isang tao na tumanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pananampalataya at siya ay may karapatang tawaging anak ng Dios

9. Ayon sa Mateo 6:33 pagsumakitan nating hanapin ang kaharian ng Dios at ang Kanyang katwiran. Ano ang ipinahahayag ng talatang ito na gawin natin bilang mga kaanib sa kaharian ni Cristo? _____

Kaninong kaharian ako kabilang?



Mayroon na ba akong Passport pa Langit?

Una, kailangan kong hanapin ang Kanyang kaharian, na ang ibig sabihin dapat kong ipasakop ang aking sarili kay Cristo bilang aking Hari: Kailangan bang Siya ang una sa lahat ng aking ginagawa? _____ Sino ang dapat na naghahari sa buhay ko? _____

Sa liwanag ng mga pangungusap sa itaas, tanungin natin ang ating mga sarili:

Ako ba ay kabilang sa kaharian ng langit bilang mamamayan nito?

Oo Hindi Di ko alam

Kung hindi, kaninong kaharian ka kabilang? _____

Ako ba ay namumuhay bilang tapat na mamamayan ng kaharian ng Dios?

Oo Hindi Nakikipagbaka pa ako

Sino ang nangunguna sa buhay ko? Cristo Ako at ang mga gusto ko

Nais mo bang mapalapit sa Hari? Pag-isipang makipag usap sa Hari ngayon. (sa ibaba)

PAKIKIPAG-USAP SA AKING HARING HESUS.

Kinikilala ko na ikaw ang manlilikha at makapang-yarihan sa lahat ng nilikha. Nagpapakumbaba ako sa iyong kapangyarihan at kadakilaan. Inaanyayahan Kita sa trono ng buhay ko. Kontrolin mo ang aking isip upang magsimula akong mag-isip katulad Mo. Pangu-nahan Mo ang aking mga paa upang makasunod ako sa mga pamamaraan Mo.

Nais kong ipahayag ang iyong kalwalhatian sa iyong paghahari. Maghari Ka hindi lang sa akin kundi maging sa buong mundo. O walang hanggang Hari, Ako'y nananabik sa araw na lahat ng tuhod ay luluhod sa iyo.

Ang mundo ay lubog na sa kalituhan at kawalan ng husti-sya. Ang mga tao ay nag aalinlangan at tumatangi sa Iyo.



Inisip nilang sila ay marurunong at importante, na parang ang mundo ay umiikot sa kanila. Ganoon din ako dati, subalit ngayon ay napagtanto ko na ako ay parang maliit na isda sa gitna ng malawak na karagatan.

Ginigipit ako ng mundo na nagpupumilit na hubugin ako sa pamamaraan nito. Tulungan Mo akong tumanggi sa anumang tuksong sumunod sa hari ng mundong ito o sundin ang sarili ko. Ikaw lang ang pag-asa ko sa kasalukuyan at sa magpakailanman.

Ang Iyong alipin,


_____ Lagda

ANO NA ANG DAPAT KONG GAWIN NGAYON?

Kung tinanggap mo si Cristo bilang iyong personal na Tagapagligtas habang pinag-aaralan mo ang araling ito, ang iyong guro ay makakapagbigay sa iyo ng payo kung ano ang susunod mong gawin. Kung walang nagtuturo sa iyo, maaari mong sundin ang mga sumusunod na payo:

“Kaya nga, ang sinumang na kay Cristo, siya ay isang bagong nilalang na; wala na ang dating pagkatao, pawang mga bago na!”. 2 Corinto 5:17

Ikaw ay ipinanganak ng muli! Ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na at naging bagong tao ka na kay Cristo! Ang Dios ay nagpapasimula nang gumawa ng pagbabago sa buhay mo. Mamuhay ka sa pananampalataya, ipagkatiwala mo ng lubusan ang iyong buhay sa Kanyang pagkalinga, hayaan mong ang Banal na Espirito ay gumawa ng pagbabago sa iyong buhay, Ang Dios mismo ang magbabago sa iyo.



Bilang sanggol kay Cristo, ikaw ay nasa proseso ng paglago. Ang tawag dito ay “discipleship” o pagiging alagad. May mga espirtual na disiplina o ehersisyo na na magpapalakas sa iyo bilang bagong mananampalataya. Kapag lagi mo siyang ginagawa, mas magiging matatag ka pa.

1. Manalangin sa Dios palagi araw-araw. Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Dios, sabihin mo sa Kanya ang iyong mga kasiyahan at mga kabigatan. Purihin mo Siya, pasalamatan, at aminin mo sa Kanya ang iyong mga kasalanan at hilingin ang Kanyang tulong.
2. Basahin ang Biblia araw-araw. Ang pinakamagandang simulan ay ang aklat ng Juan sa Bagong Tipan. Bago ka magsimula, sabihin sa Dios: “Narito po ako Panginoon, handa akong pakinggan ang iyong tinig”. Basahin ng marahan ang Biblia, pagbulay-bulayan ang mga kahulugan nito. Mainam na basahin ang mga talata ng ilang ulit, upang maunawaan ito bago magpatuloy sa mga susunod na talata. Higit sa lahat, alalahanin na kasama sa pagbabasa ng Biblia, ang Salita ng Dios ay dapat sundin.
3. Humanap ng madadaluhang iglesia na naniniwala sa Biblia. Ang mga mananampalataya sa iglesia ay mga kapatid mo kay Cristo, ang iyong bagong pamilya. Kausapin ang Pastor, kung paano ka pwedeng maging kaanib sa iglesia.
4. Ibahagi si Cristo sa iba. Sabihin mo sa kanila kung ano ang ginawa Niya sa buhay mo.
5. Lumayo ka sa mga bagay sa mundo na magdadala sa iyo sa pagkakasala, lalo na sa mga dati mong ginagawa. Ipanalangin sa Dios na tulungan kang madaig nag tukso, At kung sakaling ikaw ay mahulog sa kasalanan, aminin agad sa Dios ang nagawa mo ng may pagpapakumababang humingi ng tawad sa Kanya.
6. Palagi mong isuko ang iyong sarili kay Cristo, hayaan mong Siya ang mag kontrol sa bawat bahagi ng buhay mo.
7. Magsimulang pag-aralan ang **Bagong Buhay Kay Cristo**, ang seryeng mga aralin sa pagiging alagad. May tatlo itong bahagi an pwedeng mong I download ng libre sa www.newlifediscipleship.com




Certificate

This certificate is presented to

_____ who has satisfactorily completed all the lessons of the course

Who is Jesus Christ? Discovering New Life in Christ



*For God so loved the world, that he gave his only begotten
Son, that whosoever believeth in him should not perish,
but have everlasting life. John 3:16*

Pastor or Teacher

Date